

# *Modyul 13*

## *Paglalapad ng mga Batayang Kaalaman at Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa/ Pag-unawa sa Isang Genre ng Panitikan*



### *1. Tungkol saan ang modyul na ito?*

Kumusta ka na ulit? Malayu-layo na rin ang iyong nararating sa pagsagot ng mga modyul. Nasa ikatlong markahan ka na. Tiyak na marami ka nang natututuhan. Alam kong ginagawa mo ang lahat upang matutunan mo ang bawat aralin at masagot ang mga gawain sa bawat modyul. Ipagpatuloy mo ang magandang saloobing ito.

Naiiba ang mga aralin mo sa modyul na ito. Naranasan mo na bang lumuha? Kailan? Sa anong pagkakataon?

May mga magulang ka pa ba? Sila ang iyong kaagapay sa mga pagsubok na dumarating sa iyo. Marami na silang karanasang makatutulong sa iyo sa pagharap sa buhay. Sinuway mo na ba minsan ang kanilang mga pangaral? Marahil nagsisi ka. Ito ang magiging paksa ng akdang iyong babasahin. Ang pamagat ng tula ay “Luha” na sinulat ni Rufino Alejandro. Magugustuhan mo ito sapagkat tungkol ito sa magulang at anak.

Ang ikalawang aralin ay isang tula rin. Ito ay sinulat ni Simon A. Marcelo at pinamagatang “Mga Hudyat ng Bagong Kabihasan”. Ginagamit mo ba sa mabuting paraan ang talino at talentong ibinigay sa iyo ng Diyos? Binabati kita kung gayon. Malaki ang naitutulong ng dunong na taglay ng tao sa pag-unlad at pagsulong ng bansa. Ito ay nagiging masama kapag nagdudulot ng kapinsalaan sa sandaigdigan. Ano pa kaya ang maaring ibunga kapag sumobra na ang dunong ng tao? Ito ang iyong aalamin sa ikalawang tulang babasahin.

Mahaharap ka muli sa mga gawain sa pagsususri tulad ng gawaing panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan. Makatutulong din sa iyo ang mga kaalamang natutuhan kasama na rin ang mga obserbasyon, karanasang-pansarili o iba pa na maaaring pagkunan ng mga kasagutan.

Kayang-kaya mo ang mga inihanda kong gawain. Basahin at unawain mong mabuti ang bawat gawain bago mo sagutin. Kaibigan, kaya mo ito.



## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa ibat'ibang genre ng panitikan



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang naitutulong sa iyo ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang panimulang pagsusupil sa bahaging “Ano ba ang alam mo?” Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.
2. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingin mo ito sa iyong mga guro. Kung marami kang mali; huwag kang mag-alala.
3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.
4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusupil sa bawat aralin at ganoon din ang pagsubok sa kabuuan sa “Gaano ka na Kahusay.” Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Tulad ng nasabi ko, kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira.



## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Bagong mamukad yaring kaisipan ay nagpapahiwatig ng
  - a. pagbibinata

- b. pagkakaroon ng malay
  - c. pagkakaroon ng bagong ideya
  - d. pagkakaroon na ng muwang o isip
2. Ang lahat kong isip ay biglang nagpapakpak. Ipinapahiwatig nito na ang nagsasalita ay naging
- a. matalino
  - b. mapagmalaki
  - c. maambisyon
  - d. mapag-alala
3. Nakabingit na sa pagkariwara. Ang iyong daigdig na lutang sa luha.
- a. puno ng pagdurusa
  - b. lumuluha ang daigdig
  - c. buhay ang daigdig
  - d. ginawang persona ang daigdig

Isulat kung makatwiran o di makatwiran ang mga sumusunod na pahayag:

4. Pagbibilin ng magulang sa persona ng tula kung ano ang kanyang dapat gawin sa pakikipamuhay sa mundo.
5. Paghamak ng persona sa tula sa mga aral ng magulang,
6. Bisang maaring maihatid ng awtor sa kanyang akda.
- a. nais sabihin ng akda
  - b. kasaysayan ng akda
  - c. yaman ng guniguni
  - d. istilo sa pagsulat
7. Masasabing naipahahatid sa mambabasa ang nais iparating ng tula sa tulong ng
- a. mga tugmang salita
  - b. madamdaming mga pahayag
  - c. pagkakaroon ng sukat
  - d. cesura
8. Ang mga salitang –nilalanghap, sangkap, agad, lahat ay nagtataglay ng anong elemento ng tula?
- a. tugma
  - b. talinghaga
  - c. sukat
  - d. kariktan

9. Kailangang sundin ang mga pangaral ng magulang dahil sa higit silang

- a. may malawak na karanasan
- b. matanda
- c. marunong
- d. mapagkalinga

10. Ang karunungan ibinigay ng Diyos ay dapat

- a. abusuhin
- b. ipagyabang
- c. sarilinin
- d. linangin

## *II. Aralin 1 - LUHA*

### **A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?**


Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang – kahulugan ang mga taludtod na may mga pahiwatig
2. Nasusuri ang kabisaan ng akda batay sa nais sabihin nito
3. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagsunod sa pangaral ng magulang
4. Nabubuo ang isang talata sa pamamagitan ng pang-aangkop ng mga tiyak na salita batay sa dating kaalaman

### *Mga Gawain sa Pagkatuto*

#### **1. Alamin Mo...**

Panuto: Tukuyin mo kung ano ang kaugnay na salita sa lumuluhang larawan.  
Piliin mo ang sagot sa ibaba.



Mga Pagpipiliang Sagot:

1. pagkakalayo sa isang minamahal
2. kaligayahan sa karangalang natamo
3. panghihinayang sa pinagsamahan
4. paglisan ng taong minamahal
5. kawalang – katarungan

## 2. Basahin Mo...

Isang napakagandang tula ang babasahin mo. Tiyak na maaantig ang iyong damdamin. Maiiugnay mo ang iyong sarili sa persona sa tula dahil tungkol sa magulang at anak. Damahin mo ang kahulugang ipinararating ng bawat sakinong ng tula.

Sana’y magustuhan mo ito. Maligayang pagbabasa!

***Luha***  
*Ni Rufino Alejandro*

Daloy aking luha... Daloy aking luha, sa gabing malalim  
Sa iyong pag-agos, ianod mo lamang ang aking damdamin  
Hugasan ang puso – yaring abang pusong luray sa hilahil,  
Nang gumaan-gaan ang pinapasan ko na libong tiisin!

Nang ako'y musmos pa at bagong namukad yaring kaisipan,  
May biling gayari si Ama't si Ina bago sumahukay.  
"Bunso, kaiingat sa iyong paglakad sa landas ng buhay.  
Ang ikaw'y mabuyo sa gawang masama'y dapat mong iwasan."

Nang ako'y lumaki, ang pahat kong isip ay biglang nagpapakpak,  
Ng kapalalua't ang aral ni Ama't ni Ina'y hinamak;  
Sa maalong dagat ng buhay sa mundo'y nag – isang lumayag,  
Iniwan sa pampang ang timbulang baon na aking tinanggap!

Malayang tumungga sa sarong may lason ng kaligayahan  
Na itong huli na'y nakilalang alak na nanatay.  
Ang pinagbataya'y dapat magpasasa sa kasalukuya't  
Isang "Bahala na!" ang tanging iniukol sa kinabukasan!

Kaya naman ngayon, sa katandaan ay walang nalabi  
Kundi ang lasapin ang dikta ng isang huling pagsisisi;  
Tumangis sa labi ng sariling hukay ng pagkaduhagi't  
Iluha ang aking palad na nasapit na napakaapi!

Daloy, aking luha...Dumaloy ka ngayon at iyong hugasan  
Ang pusong nabagbag sa pakikibaka sa dagat ng buhay;  
Ianod ang dusang dulot ng tinamong mga kabiguan.  
Nang yaring hirap ko't suson-susong sakit ay gumaan-gaan!

Nagustuhan mo ba ang iyong binasa? Tama ba ang inasal ng persona sa tula? Ang mahalaga ay nagsisi siya sa dakong huli, hindi ba? Tama lamang ang ginawa niya.

Ngayon, masusubukan ko ang iyong kakayahan sa mga gawaing inihanda ko. Sa palagay ko, masasagutan mong lahat ang mga pagsasanay dahil may dati ka nang kaalaman kung paano ang pagsagot.

Ang unang gawain ay tungkol sa pahiwatig. Naisagawa mo na ito sa mga naunang modyul

Hindi mo tuwirang makikita ang kahulugan sa mga pahayag, pangungusap o sagnong ng tula na may mga pahiwatig. Hanapin mo ang mga palatandaan sa mga naunang bahagi o kaya'y sa kahulugang ibinibigay ng bawat salita. Tingnan mo rin kung paano ito ginamit sa pangungusap o kaya'y sa taludtod ng tula.
---

Natatandaan mo na ba ito? Subukin mong muli ang kaalaman mo dito.

Handa ka na ba? Pagbutihin mo!

### 3. Linangin mo...

#### A. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Suriin mo ang tulang binasa sa tulong ng mga gawain sa ibaba. Mayaman sa pahiwatig ang tulang binasa mo. Piliin mo ang tiyak na saknong na nagpapahayag ng mga sumusunod:

1. nais niyang mangyari sa sarili
  - a. unang saknong
  - b. ikatlong saknong
  - c. ikalimang saknong
  - d. ikaanim na saknong
  
2. bilin ng magulang
  - a. ikaanim na saknong
  - b. ikaapat na saknong
  - c. ikalimang saknong
  - d. ikalawang saknong
  
3. pagbabagong naganap sa paglaki ng persona sa tula
  - a. unang saknong
  - b. ikalawang saknong
  - c. ikatlong saknong
  - d. ikaanim na saknong
  
4. nangyari sa kanyang pagtanda
  - a. ikalawang saknong
  - b. ikalimang saknong
  - c. ikatlong saknong
  - d. ikaanim na saknong
  
5. ginawa ng persona upang mapagaan ang damdamin
  - a. unang saknong
  - b. ikaanim na saknong
  - c. ikaapat na saknong
  - d. ikalimang saknong

Bago mo ipagpatuloy ang pagsagot sa mga gawain, mahalagang mabatid mo ang ilang mga impormasyon tungkol sa akdang pampanitikang iyong binasa, ang tula.

Ang tula ayon kay Regalado ay “Kagandahan, diwa,katas,larawan at kabuuan ng tamang kariktang makikita sa sulong ng alin mang langit.”

Iba naman ang kay Balmaseda. Sa kanya “Ang tula ay isang kaisipang naglalarawan ng kagandahan, ng kariktan, ng kadakilaan.” Ang mga ito ay kailangang magkatipun-tipon sa isang kaisipan.

Alam mo ba na ang tawag doon sa mga inihahanay na ideya ay taludtod at taludturan naman kapag ang mga ito’y pinangkat-pangkat. Ang isa pang tawag dito ay saknong

Marami ka nang natutuhang mga impormasyon. Makatutulong ito sa inyong pag-unlad.

Ang susunod mong gawain ay may kaugnayan sa nilalaman ng tulang iyong binasa.

Simulan mo na!

### **b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Sagutin mo ang hinihinging impormasyon sa bawat kolum.

Nagsasalita sa tula	Pangaral ng Magulang	Pagpapasyang Ginawa sa Paglaki	Ibinunga ng Ginawang Pagpapasya	Reaksyon sa Ginawa ng Anak	Layunin ng Tula


Alam mo ba na kung ano ang tula ng damdamin? Maaari itong maglarawan o magtaglay ng mga karanasan, guniguni, kaisipan at mga pangarap na maaaring madama ng may-akda o ng ibang tao.



Kung ito ay hinango sa karanasan, karaniwang nag-iiwan ito ng mensahe. May nais sabihin ang tula sa mga mambabasa na maaaring gawing gabay o patnubay niya sa buhay. Makikita mo ito sa mga kaisipang ibig bigyang diin sa tula.

### c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Itiman mo ng bilog ng madamdaming pahayag na nagpapakita ng bisa ng akda batay sa nais sabihin nito.

Halimbawa: 

- Nang ako'y musmos pa at bagong namukad yaring kaisipan.
- ... na itong huli na'y nakilalang alak na nanatay.
- Daloy aking luha ... Daloy aking luha.
- ang ikaw'y mabuyo sa gawang masama'y dapat mong iwasan.
- ..na katandaan ko ay walang nalabi kundi ang lasapin ang dikta ng isang huling pagsisisi.
- Hugasan ang puso – yaring abang pusong luray sa hilahil
- May biling gayari si Ama't si Ina bago sumahukay
- Ianod tinamong mga kabiguan

### d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Isulat mo kung saang hanay – positibo o negatibo dapat mapabilang ang mga nakatala sa ibaba.

Positibo	Negatibo

1. pagiging mabuting estudyante
2. paggawa ng gawaing – bahay
3. pag-ako ng tungkulin sa pamilya
4. pangunguna sa mga desisyon dahil ipinagmamalaking marunong
5. paglayo sa masasamang barkada
6. pagsasaalang – alang sa mga bilin ng magulang

Tingnan mo ngayon kung tama ang iyong mga sagot. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Itsek mo rin ang iyong mga kasagutan kung hindi naman malayo sa ibinigay na mga kasagutan.

#### **4. Palalimin Mo...**

Panuto: Isulat mo kung ang bisa ay pangkaisipan o pandamdamin sa mga pangungusap na nakatala sa ibaba.

1. Ang nangyari sa persona sa tula ay katulad din ng nangyari sa kuwentong. “The Prodigal Son”.
2. Maaari ring mangyari sa mga kabataan sa kasalukuyan ang paksa ng tula.
3. Ang pagluha ng persona sa tula ay dala ng labis na pagsusuri sa ginawang pagsuway sa magulang.

4. Ang pagbibilin ng mga magulang sa persona sa tula bago mamatay ay nakaaantig ng damdamin.
5. Walang unang pagsisisi, ito'y laging nasa huli.

Tiyak na marami kang tamang sagot. Iwasto muli ang mga ito.

### **5. Gamitin Mo...**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang angkop na pagpapahalagang angkop sa mga pahayag na hango sa tula. Titik lamang ang isulat.

1. Dapat na sinunod ko ang aral ni Ama at Ina bago sumahukay.
2. Sa maalong dagat ng buhay nag-isang lumayag.  
Pahat na isip di dapat nagpakpak.
3. Kunabukasa'y di dapat ipinagwalang-bahala.
4. Dumaloy ka aking luha, ianod ang dusang dala ng hilahil.
5. Ang aral ni Ama't ni Ina'y di dapat hinamak.

Mga Pagpipiliang Sagot:

- a. pagsunod sa utos ng magulang
- b. pagpapakaaba
- c. pagpapakumbaba
- d. pagsisisi
- e. pagtanggap
- f. pagpapahalaga sa magiging bukas
- g. pagtanaw ng utang na loob
- h. pagmamalaki
- i. pagsuway sa utos ng magulang

Pamilyar ka na nga sa pagpapahalaga. Sana'y maisabuhay mo rin ang mga ito. Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

Handa ka na ba sa iyong susunod na gawain? Ito ang gawain mo sa pagsulat. Wala kang pagpipiliang sagot. Makakatulong sa iyo ang pag-unawa sa mga pangungusap ganoon din ang mga dating karanasan at kaalaman.

Simulan mo na.

## 6. Sulatin Mo...

Panuto: Basahin mong mabuti ang mga pangugusap. Punan mo ang patlang ng angkop na salita batay sa isinasaad ng pangungusap.

Ang pagsunod sa magulang ay napakagandang katangiang dapat taglayin ng mga kabataan. Mahalagang sumunod tayo sa kanilang \_\_\_\_\_1.\_\_\_\_\_ sapagkat ito ay para rin sa ating kabutihan. Makatutulong din sa atin ang \_\_\_\_\_2.\_\_\_\_\_ pinagdaanan nila upang tao ay magabayan. Ayaw nilang matulad sa kanilang \_\_\_\_\_3.\_\_\_\_\_ ang ating magiging kinabukasan. Alam ng ating mga \_\_\_\_\_4.\_\_\_\_\_ kung ano ang tama o mali. Hangad nila ang isang magandang \_\_\_\_\_5.\_\_\_\_\_ para sa atin.

Nahirapan ka ba? Hindi bale, ang mahalaga ay natuto ka. Tiyak na gumana ang iyong isipan, hindi ba? Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

## 7. Layunin Mo...

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang mga natututuhan mo sa aralin.

- \_\_\_\_\_ 1. Kahalagahan ng pagsunod sa mga parangal ng magulang
- \_\_\_\_\_ 2. Pagkilala sa mga pahiwatig sa tula
- \_\_\_\_\_ 3. Pagsasaalang – alang sa mga positibong pagpapahalaga
- \_\_\_\_\_ 4. Pagkakaroon ng kabatiran sa bisa ng akda batay sa nais sabihin nito
- \_\_\_\_\_ 5. Pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa tula
- \_\_\_\_\_ 6. Pagkilala sa mga simbololismo
- \_\_\_\_\_ 7. Pagkilala sa mga tayutay

Madali lamang hindi ba? Iwasto mo muli ang iyong mga sagot .

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito.

## 8. Subukin mo...

Panuto: Basahin mo at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Isulat mo ang titik ng tamang sagot.

1. yaring pusong luray sa hilahil ay nangangahulugang
  - a. mga pasakit na dinaranas
  - b. isang uri ng sakit sa puso
  - c. namanglaw sa pag-isa
  - d. kinimkim na galit
  
2. nang gumaaan –gaan ang pinapasan ko na libong titiisin.Ang may salungguhit ay nagpapahiwatig ng
  - a. mga dalahin
  - b. kasalanan
  - c. pagdurusa
  - d. pasang-krus
  
3. Ang maalong dagat ng buhay sa ikatlong saknong ay nangangahulugang
  - a. Inihahambing sa dagat ng buhay.
  - b. Ang alon ay buhay ng dagat
  - c. Magkatulad ang dagat at buhay.
  - d. Ang buhay ay puno ng pagsubok.

Isulat kung makatwiran o di makatwiran ang mga sumusunod na pahayag.

4. Pagkamulat ng persona sa tula na nakamamatay ang alak.
5. Pagkawalang-bahala ng persona sa tula sa kanyang kinabukasan.
6. Pagsisisi ng persona sa tula sa kanyang di pagsunod sa mga pangaral ng magulang.
7. Sa una at ikaanim na saknong, naging maganda ang mensaheng ipinaaabot ng persona sa tula sapagkat nadama sa kanya ang
  - a. pagkagalit
  - b. pagsisisi
  - c. pagdaramdam
  - d. paghihinakit
  
8. Naging mabisa ang pagsisisi ng persona sa tula dahil sa mga pahayag na ito.
  - a. Daloy aking luha...  
Hugasan ang puso-yaring abang pusong luray sa hilahil
  - b. Sa katandaan ko ay walang nalabi.
  - c. Nakilalang alak nanatay
  - d. Ang pusong nabagabag sa pakikibaka sa dagat ng buhay

9. Kung napapangaralan man tayo ng ating magulang dapat na

- a. Pakinggan lamang ito, wala namang mawawala.
- b. Pakinggan at huwag ulitin ang pagkakamali.
- c. Mangatwiran din kung sobra na.
- d. Huwag pansinin, ganyan talaga ang mga magulang.

10. Isa sa napakadaling paraan ng pagsunod sa magulang ay

- a. Paghahanapbuhay muna
- b. Pag-iwas sa pakikipagtalo
- c. Pag-aaral nang mabuti
- d. Pagiging taong buhay

Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, pumunta ka na sa susunod na aralin. Kung 6 pababa, gawin mo muna ang iyong gawain sa “Paunlarin mo”. Huwag kang mag-alala, madali lamang ito. Simulan mo na kaibigan.

### **9. Paunlarin Mo.....**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga pantulong na ideya upang mabuo ang mga kaisipang nakasulat sa ibaba. Isulat mo ang sagot sa iyong sagutang papael.

1. Tiyak na gaganda ang iyong kinabukasan
2. Pangaral ng magulang dapat maging gabay
3. Ang buhay sa mundo’y lipos ng pagsubok
4. Kapakanan ng anak ang nasa isip nina Ama’t ina
5. Mga payo ng magulang dapat na sundin
  - a. kaya sa payo ng magulang dapat na mabuwag
  - b. kaya dapat suklian ng ibayong pagkalinga
  - c. nang umunlad yaring bayan
  - d. kung susundin ang pangaral ng magulang
  - e. sapagkat para rin ito sa kabutihan natin
  - f. nang di mapariwara yaring buhay

### III. Aralin 1: Mga Hudyat ng Bagong kabihasnán

#### A. Anu-Ano ang mga tiyak na matutunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:


1. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang salitang ginamit sa akda
2. Natutukoy ang nais sabihin ng akda sa kalahatan
3. Nasusuri ang akda batay sa tiyak na mga elemento nito
4. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng paggamit sa karunungan ng tao sa mabuting paraan
5. Nakabubuo ng mga islogang ibanatay sa mensahe ng tula

#### Mga Gawain sa Pagkatuto

##### 1. Alamin Mo.....


Panuto: Piliin mo sa cuecard sa ibaba ang sumisimbolo ng mga larawan.

1.




---


2.



3.



4.



5.





tagumpay	kamatayan	karunungan
edukasyon	kaligayahan	kapayapaan
pag-asa	digmaan	kalikasan

Naibigan mo ba ang natapos mong gawain? Tingnan ko nga kung tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Itsek mo ang iyong mga sagot.

## 2. Basahin Mo....

Isang tula ang iyong babasahin. Tiyak na maiibigan mo ito gaya rin ng nauna mong binasa.

Maraming magagawa ang dunong ng tao sa pagsulong ng bansa. Ngunit kung ang dunong na ito ay gagamitin sa masamang paraan, magiging balewala ito. Tuklasin mo pa ang magagandang kaisipan sa tulang iyong babasahin.

Mga Hudyat ng Bagong Kabihasanan  
Ni Simon A. Marcelo

Kumislap ang isip ng pantas na malay  
At ang sandaigdig ay naliwanagan  
Nagpasipamulaklak ang dunong na yaman  
Ang nangagpunyaging paham na isipan;  
At tayo'y nagising sa bagong kandungan!

Natuklas na dunong na kahanga-hanga  
Ang Atom na siyang panggunaw sa lupa  
Tila niloob ng Poong Bathala  
Na tayo'y matapos sa sariling nasa;  
Nakapabingit na sa pagkariwara  
Ang ating daigdig na lutang sa luha!

Sa bagong liwanag ng pagkakasulong  
Ay nangatuklasan ang lihim kahapon;  
Ang mundo'y kumitid sa lipad ng dunong,  
Nalakbay ang langit ng bakal na ibon,  
Nasisid ang mga dagat na maalon  
Ng taong palakang nagwagi sa layon!

Sa bilis ng bagong nilikhang panuklas  
Narating ang buwan ng bakal na limbas  
Noon naman unang sa buwa'y lumunsad  
Ang dalawang bunying astronauts na tanyag;  
Kung ang buhay rito doo'y magluluwat.

Sa niyanig –yanig ng mundong mabilog  
Kapag may malaking bombang sinusubok,  
Ang ehe ng mundo ay baka mahutok  
At saka malihis sa kanyang pag-ikot,  
Pag ito'y nangyari,mundo'y matatapos  
Dahil sa paghinto ng kanyang pag-inog!

Ang Arabya,Jordan,Israel,Ehipto,  
Cambodia't Vietnam,nag-iipu-ipo;  
Ang ihip ng hangin kapag di nabago  
Sa apoy na digmaa'y masusunog tayo:  
Lalo pag ang Tsina'y nagtaas ng ulo  
At saka ang Rusya'y gumamit ng Maso!

Nais na lagumin ng Maso at Karit  
Kung magagawa lang,ang lupa at langit;  
Ang Agila naman sa pagpupumilit  
Na siyang mauna'y hindi matahimik;  
Bakit ba kung sino ang yama'y labis  
Siyang mapangamkan,siyang mapanlupig?

Wala pang panggol sa kasalukuyam  
Sa pambombang,higit ang bilis sa ingay,  
Kaya kapag tayo'y biglang sinalakay  
Di makahahanda nais mang lumaban;  
Dahil dito kaya dapat pagsikapan  
Na mapagkasundo ang sangkatauhan!

Hindi nga masamang ang tao'y  
Lalo kung may mithiing dakila at tapat,  
Pagka likas lamang sa taong maghangad  
Kung nasa ibaba,na siya'y mataas,  
Ngunit ang masama'y ang magpakapantas  
Upang ang mabuting binuo'y iwasak!

Di dapat gumamit ng mga sandatang  
Bukod sa pangwakas,may lasong kasama;  
Idalangin nating magkaisa sana  
Ang sangkatauhan sa mithi at pita;  
Pag tayo'y nabubuklod sa ganitong panata  
Ang sandaigdiga'y wala nang balisa!

Kapag nagkaroon ng lason sa tubig  
Gayon din ang hangin na dating malinis,  
Lahat ng may buhay sa Silong ng langit  
Ay matatapos nang parang panaginip  
Saka na lamang naman magiging tahimik  
Kung dito'y wala nang mga manlulupig.

Hindi lamang iyan, may panganib pa ring  
Ang mundo'y matapos hindi man mithiin,  
Sa dalawa kayang malakas ay alin  
Ang hindi magnasang ang is'y linlangin?

Mundo'y matatapos, dapat na tantuin,  
Sa sandaling biglang ang isa'y magtaksil!

May panganib pa rin bawat pagsubok  
Ng bombang may lasong buga sa fallout;  
Ito kung pumuksa sa tao'y kilabot  
Higit na mabangis sa alinmang salot;  
Pag ito'y kumalat ay kataku-takot,  
Walang mabubuhay sa buong sinukob!

Sa ngayon, ang hanging ating nilalanghap  
Ay may kahalo nang maruming sangkap  
Kapag ito'y hindi nalunasan agad  
Ay sa lason tayo mapupuksang lahat;  
Kung bakit ang tao'y habang umuunlad  
Saka nalalapit na lalo sa wakas!

Nang ang Hiroshima't Nagasaki'y minsang  
Bagsakan ng bombang karaniwan lamang,  
Sa dalawang pook na pinaghulugan  
Ay napakaraming nakitlan ng buhay;  
Kung ibabagsak ay bombang panggunaw  
Dagat na ang Hapon sa kasalukuyan!

“Pag bombang agawton ang siyang ginamit  
Sa Luzon, Bisaya, Mindana, karatig,  
Dahilan sa lakas na napakalabis  
Ang sangkalupaa'y lulubog sa tubig:  
Huwag nawa sanang loobin ng Langit  
Na ang Santinakpa'y maglaho sa titig!

Ang pag-uunahan ng dalawang lakas

Na sa kalawakan ay magharing ganap,  
Ay nagbabalang di na magluluwat  
At tayo sa digma'y muling magsisiklab;  
Maanong loobin ng Nasa Itaas  
Na huwag na sanang dumating ang wakas!

Dahil dito kaya kinakailangang  
Iwasan ang imbot at mga hidwaan;  
Pagsikapan nating tuparing lubusan  
Ang aral na tayo ay mangag-ibigan;  
Sapagka't ang Eden ay naglaho lamang  
Nang si Ada't Eva'y lumabag sa aral!

Agawin sa kamay ng imbot at inggit  
Ang kapayapaan nitong sandaigdig;  
Sugpuin ang dahas at lakas ng lupit  
Sa pamamagitan ng Santong Matuwid;  
Ang Diyos ay gising, di ipagkakait  
Ang Kanyang saklolo sa api at amis!

Kapag ang Ama nang Makapangyarihan  
Ang siyang nagtatanggol sa aping kat'wiran,  
Hindi maglalao't ang sangkatauhan  
Ay makakaandong na ng kalwalhatian;  
Saka ang ligalig na sandaigdigan  
Ay mahihimbing na sa katahimikan.

Maganda ang mensahe ng tulang iyong binasa, hindi ba? Tunay na malaki na ang iniunlad ng ating paligid dahil sa taglay na dunong ng tao. Marami nang mga pagbabago ang ating nakikita. Maganda kung ganito. Ngunit kung ito ay magdudulot ng pinsala sa tao at sa sandaigdigan, hindi na maganda ang magiging bunga ng dunong na ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

Napansin mo bang may mga salitang mahirap unawain sa tula. Alam kong hindi mo kaagad matukoy ang ibig ipakahulugan ng mga ito at ang mga ideyang ibig pangibabawin.

Para sa iyong kaalaman, ang mga talinghaga ay ang paraan ng paglayo ng karaniwang gamit o kahulugan ng mga salita upang lalo o higit na gawing mabisa, kaakit-akit o malalim ang pagpapahayag. “Ang lalim naman, hindi ko maintindihan.”

Alam mo bang ang mga tayutay ay ang masining na pagpapahayag ng talinghaga? Ang simbolo ay talinghaga rin.

Kaya mo nang gawin ang susunod na gawain. Makatutulong sa iyo ang mga impormasyong natutuhan.

Handa ka na ba sa susunod na gawain?

### 3. Linangin mo...

#### A. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Basahin mo ang mga talinghagang sinalungguhan sa ibaba. Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot.

1. Kumislap ang isip ng pantas na malay.
  - a. May kakayahan ang pantas sa mahika.
  - b. Mabilis ang isip ng isang henyo.
  - c. Maraming alam ang pantas.
  - d. Nakatuklas ng imbensyon ang tao.
  
2. Magsipamulaklak ang dunong na yaman.
  - a. maraming natutuhan.
  - b. maraming umunlad.
  - c. maraming yumaman.
  - d. maraming pinag – aralan.
  
3. Ang ating daigdig na lutang sa luha.
  - a. pagdami ng mga namatay
  - b. lipos ng kalungkutan
  - c. puno ng problema
  - d. mapaghamong daigdig
  
4. Ang mundo’y kumitid sa lipad ng dunong.
  - a. Malaki na ang populasyon ng mundo.
  - b. Sumobra na nag dunong ng tao.
  - c. Marami nang bansang nag – aaway – away.
  - d. Marami na ang nakapag – aral.
  
5. Nalakbay ang langit ng bakal na ibon.
  - a. narating ang buwan ng astronauts
  - b. nakasakay sa eroplano
  - c. naglakbay sa kalangitan
  - d. nagliparan ang mga ibon sa kalangitan

O, nasagutan mo bang lahat? Kung nahirapan ka balikan mo muli upang lubusan mo pang maunawaan. Sagutin mo ang susunod na gawain.

## **b. Pasuring Pangnilalaman**

Panuto: Basahin mo ang mga sumusumod. Lagyan mo ng (H) ang mga pangungusap na nais iparating ng akda sa kanyang tula.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang karunungan ibinigay ay dapat gamitin sa mabuting paraan.
- \_\_\_\_\_ 2. Malalagpasan ng dunong ng tao ang kanyang Lumikha.
- \_\_\_\_\_ 3. Dahil sa talino, marami siyang natuklasang nakatulong sa daigdig.
- \_\_\_\_\_ 4. Narating na ng tao ang buwan at nasisid na ang ilalim ng karagatan. Ito ay dahil sa kanyang dunong at pagsisikhay.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga bagong imbensyon ay nakatutulong sa pag-unlad ng sandaigdig.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang lahat ng mga pagbabagong nagaganap sa daigdig ay matatapos sa isang iglap kapag ginusto ng Diyos.
- \_\_\_\_\_ 7. Nag-away-away ang mga bansa dahil sa pagnanais nilang maging makapangyarihan.
- \_\_\_\_\_ 8. Dapat makisabay sa mga pagbabagong nagaganap ang ugali ng tao.
- \_\_\_\_\_ 9. Kinakailangang iwasan ang paghihidwaan at paghariin ang pag-ibig sa mundo.
- \_\_\_\_\_ 10. Sa dakong huli, ang Amang Makapangyarihan ang nagtatanggol sa mga api.

Tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot. Iyan ay kung inunawa mong mabuti ang tulang iyong binasa.

Katulad ng iba pang akdang pampanitikan, ang tula ay may mga elemento o salik na makatutulong upang ito'y maging masining. Ito rin ang dahilan kung bakit naiiba ito sa iba pang uri ng akdang pampantikan.

Alam mo bang may 4 na salik ang tula? Ito ay tugma, sukat, talinghaga at kariktan. Pansinin mo ang mga huling salita ng bawat taludtod ng tula. Kapag magkasingtunog, may tugma ito. Ito ang makatutulong upang gumada ang pagbigkas ng tula.

Ano naman ang sukat? Ito ay tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang sакnong. Tingnan mo ang mga halimbawang ito:

1. lalabindalawahin

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12

Ba/ ya/ ning/ may/ Di/ yos/ at/ i/ sang /Ban / di / la/

2. lalabing-animin

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16

Sa/ ri/ sa/ ring/ bu/ ngang/ ka/ hoy/ hi/ nog/ na/ at/ ma/ ta/ ta/ mis/

Kapag di mo kaagad maunawaan ang tula dahil sa natatagong kahulugan nito, talinghaga ang tawag dito.

Kariktan naman kapag gumagamit ng marikit na salita upang mapukaw ang damdamin at kawilihan ng mambabasa.

Ang dami mo nang natutuhan tungkol sa tula. Magagamit mo ito sa mga susunod mo pang aralin. Tandaan at unawain mo lamang lagi ang mga impormasyong napag-aaralan mo.

O, ano handa ka na ba sa susunod mong gawain? Pagbutihin mo!

### c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Basahin mong mabuti ang mga pangungusap. Isulat mo kung anong elemento ng tula ang tinutukoy, sukat, tugma, talinghaga o kariktan.

1. Aagawin sa kamay ng imbot at inggit

2. lakas

ganap

magluluwat

magsisiklab

itaas

wakas

3. Nais na lagumin ng Maso at Karit ang Agila naman sa pagpupumilit.

4. Dahil dito kaya kinakailangang

Iwasan ang imbot at mga hidwaan

Pagsisikapan nating tuparing lubusan

Ang aral na tayo ay mangag-ibigan.

5. Sapagkat ang Eden ay naglaho lamang  
Nang si Ada't Eva'y lumabag sa aral!

6. Sa bagong liwanag ng pagkakasulong

7. tubig  
malinis  
langit  
panaginip  
tahimik  
manlupig

8. Sugpuin ang dahas ay lakas ng lupit

Sa palagay ko, sobrang pag-iisip ang ginawa mo. Nakatulong ba sa iyo ang mga kaalamang natutuhan mo? Huwag kang mag-alala kung may mali ka, okay lamang iyon. Pero, balikan mo kung bakit ka nagkamali.

Gawin mo na ang susunod na gawain.

#### **d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Piliin mo ang tatlong kasagutang tutugon sa tanong sa ibaba.

Tanong: Kung ikaw ay gagawa ng 3 imbensyon, alin-alin sa nakatala sa ibaba ang iyong pipiliin? Isulat mo ang bilang sa iyong sagutang papel.

1. fertilizer na tutulong upang di malanta ang mga pananim at makatulong sa mabilis na pag-aani
2. isang gamot na kapag ininom ay di tatanda
3. pag-imbento ng bombang kapag pinasabog ay mawawala ang pag-aaway ng mga tao/bansa sa daigdig
4. isang makinang maglalabas ng mga pera para di na maghirap ang mundo at maging makapangyarihan
5. isang sangkap na ilalagay sa pagkain na kapag nginuya, lahat ng mga sasabihin ay laging kabutihan at pag-ibig.

Handa ka na bang iwasto ang iyong mga sagot? Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

#### **4. Palalimin Mo...**

Panuto: Isulat mo ang **Oo** sa patlang sa unahan ng bilang kung ito ay tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo at **Hindi** kung di tumutugon.



1. Naniniwala akong utang lahat sa Diyos ang dunong ng tao.
2. Napag-isip-isip kong dapat gamitin sa mabuting paran ang karunungan ibinigay sa atin.
3. Nalaman kong ang pag-imbento ng atomic bomb ay sagisag ng pagiging makapangyarihan kaya dapat tingalain ang mga bansang malalakas.
4. Naliwanagan ako na kapag pinairal ng tao ang kanyang pagkauhaw sa kapangyarihan, makaiisip siya ng masamang paraan upang makuha ito.
5. Napatunayan kong dapat gawing modelo ang mga bansang nakapanakop ng ibang bansa.

Madali lamang, hindi ba. O sige, iwasto mo ang iyong mga sagot.

### **5. Gamitin Mo...**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang titik ng tamang sagot na tumutukoy sa pagpapahalagang binanggit sa mga taludtod ng tula.

1. Kumislap ang isip ng pantas na malay  
At ang sandaigdig ay naliwanagan.
2. Dahil dito kaya dapat pagsikapan  
Na mapagkasundo ang sangkatauhan!
3. Di dapat gumamit ng mga sandatang  
Bukod sa pangwasak, may lasong kasama.
4. Pagsikapan nating tuparing lubusan  
Ang aral na tayo ay mangag-ibigan.
5. Maanong loobin ng nasa Itaas  
Na huwag na sanang dumating ang wakas!

Mga Pagpapahalaga:

- a. pagtanaw ng utang na loob
- b. pagpapahalaga sa kapayapaan
- c. paggamit sa tamang paraan sa karunungan kaloob ng Diyos
- d. pagpapahaba
- e. pakikipagkasundo
- f. pagmamahalan
- g. pagkilala sa kapangyarihan ng Dakilang Lumikha

Masusubukan naman ngayon ang kakayahan mo sa pagbuo ng mga islogan.  
Kaya mo ito!

## 6. Sulatin Mo...

Panuto: Buuin mo ang islogan sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Karunungan handog ng Maykapal dapat gamitin, sa buti \_\_\_\_\_.

iparamdam

ibigay

ilaan

2. Hindi dapat lagpasan, Kapangyarihan ng Diyos labis na paghahangad di \_\_\_\_\_.

ipagkaloob

makukuha

iaalay

3. Imbensyong mapamuksa, huwag bigyang-halaga masamang ibubunga sa sarili at \_\_\_\_\_.

tao

bansa

nasyon

Nagamit mo ba ang natutuhan mo sa pagtutugma ng mga salita? Magsanay ka pa sa ganitong gawain. Itsek mo muli ang iyong mga sagot.

## 7. Lagumin Mo...

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✓) kung tumutugon sa natutuhan mo at ekis (X) kung hindi ang bawat pangungusap.

1. Maraming pagbabagong nagaganap sa daigdig dahil sa angking dunong ng tao.
2. Ang sukatan ng kapangyarihan ay paglikha ng mga bomba at mga armas-pandigma.
3. Ang Panginoon pa rin ang makapangyarihan sa lahat at siyang gagawa ng paghuhukom sa dakong huli.
4. Makabubuti sa pagsulong ng bansa ang mga pagbabagong dulot ng karunungan ng tao.

5. Maaari ring lagpasan ng tao ang kapangyarihan ng Diyos.
6. Makapangyarihan ang mga bangsang Amerika at Rusya.
7. Makasisira sa kapayapaan ng mundo ang mga imbensyong mapangwasak.
8. Maiiwasan ang digmaan sa mundo kung pangigingibabawin ang pag-ibig.

Nasagutan mo bang lahat? Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

### **8. Subukin Mo...**

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga pahayag. Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot.


1. Cambodia't Vietnam nag-ipu-ipo
  - a. Mabilis ang pag-unlad ng 2 bansa.
  - b. Nagkaroon ng kalamidad ang 2 bansa.
  - c. Nasangkot ang 2 bansa sa digmaan.
  - d. Nabiktima ng ipu-ipo ang 2 bansa.
2. Sa apoy ng digma'y masusunog
  - a. pinsalang idudulot ng digmaan
  - b. paglaganap ng sunog kung digmaan
  - c. pagiging biktima ng lahat
  - d. pagdanak ng karahasan
3. Sapagkat ang Eden ay naglaho lamang.
  - a. pangalan ng babae
  - b. kapangyarihan
  - c. Diyos
  - d. Paraiso
4. Nais mag-iwan ng babala ang akda dahil sa
  - a. magulo ang mundo
  - b. sobrang talino ng tao
  - c. labis na mapaghangad ang tao
  - d. mapang-api ng tao

5. Ibig ding magpaalala ng tulang binasa dahil sa
  - a. laganap na ang kasakiman ng tao
  - b. lubhang makabago ang daigdig
  - c. labis nang malaki ang populasyon ng mundo
  - d. nagagamit na sa masamang paraan ang dunong ng tao
  
6. Pinakalayunin din ng tula na bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkilala sa
  - a. mga taong nakapag-ambag sa pagsulong ng bansa
  - b. Diyos na pinagmulan lahat ng dunong ng tao
  - c. mga bansang mauunlad
  - d. mga bansang makapangyarihan
  
7. Ang mga salitang-nilalanghap, sangkap, agad, lahat ay nagtataglay ng
  - a. tugma
  - b. talinghaga
  - c. sukat
  - d. kariktan
  
8. Kumislap ang isip ng pantas na malay  
At ang sandaigdig ay naliwanagan  
Ano ang sukat ng mga taludtod?
  - a. 16
  - b. 12
  - c. 18
  - d. 14
  
9. Walang halaga ang dunong ng tao kung
  - a. abusuhin ng tao
  - b. di makapamiminsala
  - c. di niya ikatatanyag
  - d. may pinapaboran
  
10. Ang labis na paghahangad ng tao sa kapangyarihan ay ugat ng kaguluhan.
  - a. sang-ayon
  - b. di sang-ayon
  - c. opinyon
  - d. paniniwala

Hingin muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Ano ang nakuha mong iskor? Kung ito ay 7 pataas gawin mo ang gawain sa “ Gaano ka na kahusay?” kung 6 pababa ang iyong tamang sagot, gawin mo ang gawain sa “Paunlarin Mo”.

## 9. Paunlarin Mo...

Panuto: Piliin mo ang mga bilang ng mga pantulong na ideyang maiuugnay mo sa punong ideya.



Mga Pantulong na Ideya:

1. Ibahagi sa kapwa ang talentong ating taglay.
2. Tinitingala ang mga imbensyong tutulong upang ang isang tao ay mapabantog.
3. Anumang bagay na maiisip ng tao ay dapat makatulong sa pag-unlad ng sarili at bansa.
4. Linangin at paunlarin ang mga taglay nating kakayahan.
5. Ang sukatan ng dunong tao ay ang kanyang nagawang imbensyon na maaring maglagay sa makapangyarihang tao sa mundo.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Sa wakas, matatapos mo na rin ang mga gawain sa modyul na ito.

Galingan mo!



## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin mo at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Sugpuin ang dahas at lakas ng lupit sa pamamagitan ng Santong Matuwid. Ang may salungguhit ay
  - a. simbahan
  - b. Iglesia
  - c. Aral ng Diyos
  - d. pagkakapatiran
  
2. Huwag nawang loobin ng langit  
Na ang Santinakpa'y maglaho sa titig  
Ito ay tumutukoy sa
  - a. pagkamatay ng sangkatauhan sa isang iglap kung nanaisin ng Diyos
  - b. pagkaligaw ng tao sa landas ng buhay
  - c. paggawad ng parusa sa tao
  - d. pagkakariin ng di pangkaraniwang lakas
  
3. Malayang tumungga sa sarong may lason ng kaligayahan. Ang persona sa tulang "Luha" ay natutong
  - a. mamuhay sa layaw
  - b. uminom ng alak
  - c. makipagbarkada
  - d. gumawa ng masama
  
- 4.-5. Ibig patunayan sa tulang "Mga Hudyat...." na ang
  - a. tao ang pinakamarunong sa lahat.
  - b. balewala ang karunungan kung gagamitin sa masama.
  - c. Diyos pa rin ang pinakamakapangyarihan sa lahat.
  - d. magagawa ng tao na lagpasan ang karunungan ng Diyos kung iibigin niya.

6. “Daloy aking luha.” Ang ginawang ito ng persona sa tula ay nakatulong upang
- makahingi ng simpatiya
  - kaawaan siya
  - makatawag ng pansin
  - makapagsisi siya
7. Lalo pa ang Tsina’y nagtaas ng ulo  
Ang sinalungguhitang slita ay isang halimbawa ng
- tugma
  - talinghaga
  - sukat
  - kariktan
8. Naging maganda ang mensaheng ipinaabot ng tulang “Luha” dahil sa ang anak ay
- naghinagpis sa buhay
  - nakakilala ng kanyang pagkakamali
  - nalungkot sa nangyari
  - nanabik sa pagkawala ng mga magulang
9. Ang dunong ay nagmula sa Diyos kaya walang puwang ang kasamaan upang dito ibuhos.
- di sang-ayon
  - opinyon
  - paniniwala
  - sang-ayon
10. Ang isang salawikaing angkop sa tulang “Luha” ay “Ang pagsunod sa magulang ay tanda ng anak na
- magalang
  - masunurin
  - maawain
  - mapagbigay

SUSI NG PAGWAWASTO  
LUHA

IV. ANO BA ANG ALAM MO

1. b
2. b
3. a
4. makatwiran
5. di makatwiran
6. a
7. b
8. a
9. a
10. d

B. 1. Alamin Mo

1. 5
2. 4
3. 2
4. 1

3. Linangin Mo

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. a
2. d
3. c
4. b
5. b

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Nagsasalita-Anak

Pangaral-Umiwas sa gawaing masama

Pagpapasya-Hindi sinunod ang utos ng mga magulang

Ibinunga-Naligaw ng landas

Reaksyon-Nagsisi

Layunin-Mangaral

c. Pagsusuring Pampanitikan

1.

2.



7.



d. Halagang Pangkatauhan

1. positibo
2. positibo
3. negatibo
4. negatibo
5. positibo
6. positibo

4. Palalimin Mo

1. pangkaisipan
2. pangkaisipan
3. pandamdamin
4. pandamdamin
5. pangkaisipan

5. Gamitin Mo

1. a
2. h
3. f
4. d
5. i

6. Sulatin Mo

1. pangaral

2. karanasan

3. buhay

4. magulang

5. bukas

7. Lagumin Mo

1.

2.

3.

4.

5.

6.

7.

8. Subukin Mo

1. a

2. c

3. d

4. makatwiran

5. di makatwiran

6. makatwiran

7. b

8. a

9. b

10. c

9. Paunlarin Mo

1. d

2. f









3. a

4. b

5. e



SUSI NG PAGWAWASTO  
HUDYAT NG BAGONG KABIHASNAN

- |   |                           |
|---|---------------------------|
| 1. Alamin Mo  | 3. b                      |
| 1. karunungan   | 4. f                      |
| 2. digmaan  | 5. g                      |
| 3. kamatayan  | 6. Sulatin Mo             |
| 4. kalayaan   | 1. ilaan                  |
| 5. karunungan   | 2. ipagkaloob             |
| 3. Linangin Mo  | 3. bansa                  |
| a. Pagsusuring Panlinggwistika  | 7. Lagumin Mo             |
| 1. d  | 1. $\checkmark$           |
| 2. a  | 2. X                      |
| 3. c  | 3. $\checkmark$           |
| 4. b  | 4. $\checkmark$           |
| 5. a  | 5. X                      |
| b. Pagsusuring Pangnilalaman  | 6. $\checkmark$           |
| 1.     | 7. $\checkmark$           |
| 2.  | 8. $\checkmark$           |
| 3.     | 8. Subukin Mo             |
| 4.     | 1. c                      |
| 5.     | 2. c                      |
| 6.    | 3. d                      |
| 7.   | 4. c                      |
| 8.  | 5. d                      |
| 9.   | 6. b                      |
| 10.  | 7. a                      |
| c. Pagsusuring Pampanitikan   | 8. b                      |
| 1. sukat  | 9. a                      |
| 2. tugma  | 6. a                      |
| 3. talinghaga   | 9. Paunlarin Mo           |
| 4. kariktan   | 1. 1, 3 at 4              |
| 5. talinghaga   | VII. Gaano ka na kahusay? |
| 6. sukat  | 1. c                      |
| 7. tugma  | 2. a                      |
| 8. sukat  | 3. b                      |
| d. Halagang Pangkatauhan  | 4. b                      |
| 1, 3 at 5   | 5. c                      |
| 4. Palalimin Mo   | 6. d                      |
| 1. Oo   | 7. b                      |
| 2. Oo   | 8. b                      |
| 3. Hindi  | 9. d                      |
| 4. Oo   | 10. a                     |
| 5. Hindi  |                           |
| 5. Gamitin Mo   |                           |
| 1. c  |                           |
| 2. l  |                           |